ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

SARILING KAKAYAHAN SA PANANALIKSIK AT AKADEMIKONG INTEGRIDAD NG MGA MAG-AARAL SA LOKAL NA KOLEHIYO NG KAPALONG COLLEGE OF AGRICULTURE SCIENCES AND TECHNOLOGY

Shara June C. Niala[1]
[1]*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology,Maniki, Kapalong, Philippines*

ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang matukoy kung may ugnayan ang sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga mag-aaral mula sa board at non board program ng KCAST Ang pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang kwantitibong korelasyonal na disenyo, at sa pamamagitan ng random sampling ay nakapagtala ng kabuoang 257 na mag-aaral mula sa board at non-board programs na nagsilbing mga respondente. Batay sa natuklasang resulta, lumalabas na ang antas ng kakayahan sa pananaliksik at antas ng akademikong integridad ay parehong lubhang mataas. Bukod dito, natuklasan din sa pag-aaral na ang antas ng kakayahan sa pananaliksik ay may makabuluhang ugnayan batay sa antas ng akademikong integridad.

MGA SUSİNG SALİTA: *Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik, Akademikong İntegridad, Board And Non-Board Programs, Kwantitatibong-Korelasyonal, Pilipinas*

INTRODUKSYON

Ang sariling kakayahan ay tumutukoy sa paniniwala ng isang indibidwal sa kanilang kakayahan na magsagawa ng mga gawain at maabot ang kanilang mga layunin nang matagumpay. Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ay tumutukoy sa paniniwala sa sariling abilidad, kasanayan, at kakayahan sa matagumpay na pagkikilahok sa mga aktibidad sa pananaliksik at maisagawa ang ninanais na resulta. Ito ay sumasalamin sa kumpiyansa at kapasidad sa pagsasagawa ng mga proyekto sa pananaliksik, pagsusuri ng mga datos, pagsagawa ng mga konlusyon, at pagbibigay ng kontribusyon para sa pagsulong ng kaalaman sa iba't ibang larangan. Dagdag pa, ang mga mananaliksik na mayroong mataas na kakayahan sa sarili ay nakikitaan ng motibasyon, pagiging pursigido, at maagap na pagsunod sa iba't ibang layunin sa pananaliksik, habang ang mga may mababang kakayahan sa sarili ay maaaring makaranas ng pagdududa sa sarili, pag-aalinlangan, at mababawasan ang dedikasyon sa tungkulin ng pananaliksik (Hitches et al., 2022; Adekunle et al., 2022).

Sa Nigeria, partikular na sa Anambra State University, mayroong negatibong resulta ang sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa ugnayan nito sa pagkakaroon ng dedikidad sa mga tungkulin. Lumalabas na bumababa ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral, bumababa rin ang dedikasyon nila sa kanilang mga tungkulin. Binibigyang diin dito ang kahalagahan nang pagkakaroon ng sariling kakayahan sa pananaliksik sapagkat ang mga mananaliksik na may mababang kakayahan ay posibleng haharap sa hamon nang pagtupad ng kanilang mga tungkulin na makakaapekto sa kanilang performans at pagiging produktibo (Akujieze, 2023).

Samantala sa Pilipinas, partikular na sa Ozamiz City ng Misamis Oriental, nakikitaan ang mga mag-aaral sa kolehiyo ng paghihirap sa paggawa ng mga akademikong sulatin. Kabilang na rito ang pagbuo at pagpili ng mga magiging paksa, tamang paggamit ng mga salita, kahirapan sa paghahanap ng mga impormasyon, paggawa ng mga talatanungan sa pananaliksik, pagsasaayos ng mga pangungusap, at paggamit ng pangalawang panauhan sa halip na pangatlong panauhan. Sa kabila ng mga ginawang hakbang ng sektor ng edukasyon upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik, maraming mga mag-aaral pa rin ang hirap sa paggawa nito. Napag-alaman na marami pa rin sa mga mag-aaral ang nakikitaan ng paghihirap sa paggawa ng mga akademikong sulatin (Jimenez, 2024).

Sa patuloy na pagbabago ng ating panahon lalong lalo na sa larangan ng pananaliksik, ang pag-aaral na ito ay may malalim na kahalagahan partikular na sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik. Ang pagbaba ng bilang ng mga mag-aaral na may kakayahan sa paggawa ng pananaliksik ay isang nakakabahalang suliranin. Ito ay hindi lamang isang hamon sa kanilang akademikong pag-unlad, kundi isang malaking hadlang sa pagkamit ng kanilang buong kakayahan bilang mga indibidwal at mag-aaral. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, kung saan ang pag-aaral at pananaliksik ay mahalaga, ang kakulangan sa sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ay isang malaking alalahanin. Habang mayroon nang mga pag-aaral sa ibang bansa tungkol sa isyung ito, kulang pa rin ang pag-unawa sa konteksto ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan at akademikong integridad upang mapanagutan ang gawain.

Ito ay naglalayong punan ang puwang na ito at magbigay ng mahahalagang impormasyon na makatutulong sa paglutas ng suliranin. Ang mga natuklasan ay magbibigay ng gabay sa mga guro, tagapayo, at mga administrador ng institusyon upang mas mahusay na matulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad. Sa pamamagitan ng pagtugon sa isyung ito, hindi lamang natin mapapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, kundi masisiguro rin natin na ang mga susunod na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

henerasyon ay magiging mga responsableng mag-aaral na may kakayahan at kumpiyansa na harapin ang mga hamon ng sa pag-aaral, at maging sa labas ng paaralan.

Ang pagtugon sa hamon ng paghahanap ng katibayan at iba pang impormasyon ang nagtulak sa mananaliksik na bigyang buhay ang isinasaad na suliranin. Mayroong malaking puwang sa pananaliksik na nakatuon sa sariling kakayahan at akademikong integridad ng mga mag-aaral sa local na kolehiyo. Habang mayroon nang mga pag-aaral sa ibang bansa tungkol sa paksang ito, hindi pa rin sapat ang pag-unawa sa konteksto ng mga mag-aaral sa local na kolehiyo. Kailangan ito nang mas malalim na pagsusuri sa mga partikular na hamon at pagkakataon na kinakaharap ng mga mag-aaral upang matukoy ang mga estratehiya na magpapabuti sa kanilang kakayahan sa pananaliksik at maging sa kanilang akademikong integridad.

Pagkatapos ng pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay naglalayong maibahagi ang mga natuklasan sa iba't ibang pamamaraan sa pagkatuto, kabilang na ang mga guro, tagapangasiwa, at maging ang mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo sa pamamagitan ng mga presentasyon na ipakikita sa mga *seminar* at *workshop*, paglalathala ng mga artikulo sa mga akademikong dyornal, at pagbabahagi ng mga buod ng pag-aaral sa website at sa mga *social media platform*. Higit na rin dito ang makapagbigay ng praktikal na rekomendasyon para mapabuti ang sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga mag-aaral na magdudulot ng mas epektibong pag-aaral at pananaliksik na gagawin sa institusyon.

Layunin ng Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman kung mayroon bang tiyak na ugnayan ang Sariling Kakayahan sa Pananaliksik at Akademikong Integridad ng mga mag-aaral sa KCAST.

Ang pag-aaral na ito ay tiyak na makakukuha ng sagot sa sumusunod na layunin:

1. Matukoy ang antas o lebel ng sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa:
   - 1.1 praktikal na kasanayan sa pananaliksik;
   - 1.2 pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa isang dyornal;
   - 1.3 kwantitatibo at kasanayang pangkompyuter; at
   - 1.4 kasanayan sa disenyo ng pananaliksik.
2. Matukoy ang antas o lebel ng akademikong integridad batay sa:
   - 2.1 katapatan;
   - 2.2 mapagkakatiwalaan;
   - 2.3 pagalang;
   - 2.4 pananagutan;
   - 2.5 makatarungan; at
   - 2.6 katapangan.
3. Matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad

Hypothesis

Ang *Null* haypotesis na sinukat sa 0.05 na nagsasaad sa antas ng katiyakan ay nagpapahiwatig ng walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga mag-aaral sa KCAST.

METODO

Disenyo ng Pananaliksik

Kwantitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito sa komparatibo na teknik upang tukuyin ang sariling kakayahan at akademikong pananaliksik ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Ang pamamaraang ito ay gagamitin upang sukatin at suriin ang mga baryabol upang makapagtala ng mga resulta. Ang estratehiyang ito ay naglalaman ng pagtukoy ng isang problema o phenomenon sa pamamagitan ng pagkolekta ng numerikong datos upang suriin gamit ang mga instrumentong matematikal, partikular na ang estatistika (Apuke, 2017).

Sa konteksto ng pananaliksik, nakatutulong ito sa pagtukoy ng kaugnayan o relasyon sa pagitan ng baryabol na nagpapaliwanag sa problemang pinag-aaralan at nagbibigay ng datos batay sa kwantitatibong pagsusuri. Sa pamamagitan nito, ang mananaliksik ay maaaring magtala ng mga tiyak na resulta ana batay sa data at nagbibigay linaw sa ugnayan ng sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga mag-aaral sa *board* at *non-board programs*.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo na korelasyunal na pamamaraan ang mananaliksik. Ginamit ito ng mananaliksik upang masukat ang antas ng ugnayan ng sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga mag-aaral. Ito ang nagbibilang at nag-aanalisa ng mga baryabol upang makuha ang mga result ana ginamit sap ag-aaral. Sa kinuhang mga datos, ginamit ng mananaliksik ang mga instrumenting gaya ng mga talatanungan at sarbey (Creswell, 2009).

Ginamit ang korelasyunal na approach sa pag-aaral na ito upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang pagsusuri sa antas ng ugnayan ng dalawa o higit pang baryabol ay ang layon ng isang korelasyunal na pananaliksik nang walang interbisyon na ginawa upang baguhin ang kinalabasan ng isang baryabol. Layon din nitong ilarawan ang ugnayan ng mga baryabol at ipakita ang direksyon kung ito ba ay positibo o negatibo at ang mga kalakasan nito (Creswell, 2005 & Cook et al., 2008).

Populasyon at Sampol

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa lokal na kolehiyo ng Kapalong. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay ang piling mga mag-aaral sa lahat ng antas sa programang edukasyon ng KCAST na may kabuoang populasyon na 6,875. Hiningi ng mananaliksik ang bilang ng mga respondente sa bawat programa mula sa kanilang tagapayo upang matala ang kabuoang bilang ng mga kalahok at pagkatapos ay ipinasa ng mananaliksik ang tala ng populasyon sa *statistician* upang makakuha ng sampol para sa pag-aaral na may 257 na respondente.

Ginamit sa pag-aaral ang pamamaraang random sampling na ibinahagi ni Cherry (2020) bilang paraang tumutukoy sa isang *subset* ng mga indibidwal na pinili ng mananaliksik upang maging kalahok mula sa *board* at *non-board programs*. Layunin nitong makakuha ng sampol ng mga tao na kumatawan sa mas malaking populasyon na siyang kukumpleto sa binuong pag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1
Tsart ng Frequency Distribution ng mga respondente

Program		Populasyon	Sampol	Bahagdan
Bachelor of Agricultural Technology		183	7	0.10%
Bachelor of Elementary Education-Generalist		313	12	0.17%
Bachelor of Public Administratiion		933	35	0.51%
Bachelor of Science in Agriculture	Animal Science	177	7	0.10%
	Horticulture	305	11	0.17%
Bachelor of Science in Business Administration	Financial Management	808	30	0.44%
	Human Resource Management	113	4	0.06%
	Marketing Management	967	36	0.53%
Bachelor of Science in Criminology		1,286	48	0.70%
Bachelor of Sciece in Office Administration		859	32	0.47%
Bachelor of Secondary Education	English	388	15	0.21%
	Filipino	327	12	0.18%
	Mathematics	216	8	0.12%
Total		**6875**	**257**	**3.74%**

Sa Talahanayan 1 ang bilang, sampol at bahagdan ng mga mag-aaral sa KCAST sa mga *board* at *non board program* at ang kabuoang populasyon sa pangkalahatan. Ang *BAT* ay may 183 na kabuoang bilang at may 7 na sampol, ang *BEED* naman ay may 313 na kabuoang bilang at may 12 na sampol, samantalang ang *BPA* ay may 933 na kabuoang bilang at may sampol na 35, ang *BSA Animal Science* ay may 177 na kabuoang bilang at may 7 na sampol at ang *BSA Holticulture* ay may kabuoang bilang na 305 at may 11 na sampol. Sa *BSBA*, ang *Financial Management* ay may kabuoang bilang na 808 at may 30 na sampol, sa *Human Resource Management* naman ay may kabuoang bilang na 113 at may 4 na sampol, samantalang ang *Marketing Management* ay may 967 na kabuoang bilang at may 36 na sampol. Ang *BSC* ay may 1,286 na kabuoang bilang at may 48 na sampol samantalang ang *BSOA* aymay 859 na kabuoang bilang at may 32 na sampol. Sa *BSED*, ang *Major in English* ay ,ay 388 na kabuoang bilang at may 15 na sampol, ang *Major in Mathematics* naman ay may 216 na kabuoang bilang at may 8 na sampol, samantalang sa *Major in Filipino* ay may 327 na kabuoang bilang at may 12 na sampol. Ang mga datos na ipinakita ay kinalkula gamit ang *Slovin's formula.*

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pamamaraang ginamit sa pananaliksik ay ang mga talatanungan mula sa iba't ibang awtor na gumawa nito upang matuklasan ang malayang baryabol na sariling kakayahan sa pananaliksik at ang di-malayang baryabol na akademikong integridad. Ang mga talatanungan ay ipinakita sa tagapayo upang iwasto at makapagbigay ng mungkahi para sa isang mahusay at matibay na talatanungan. Isinangguni ito sa mga eksperto sa Filipino para tiyakin na ito ay maging mabisa sa nasabing pag-aaral. Ang isinasaad na komentaryo at mungkahi ay gagamitin para sa pagrebisa sa inihain na instrumento sa pagkuha ng kinakailangang datos. Ang *Five-point Likert Scale* ay ginamit bilang batayan sa paglalarawan ng sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga respondente. Sa scale na ito, ipinaliwanag na ang respondente ay magbibigay ng tugon sa pamamagitan ng pagtsek ng isang punto o pagbilog ng isang numero. Sa gayon, ang mga kalahok na tinatanong ay gamit ang *Five-point Likert Scale* (mula sa napakataas hanggang napakababa). Pagkatapos ay pinagsama ang bilang ng aytem upang magbigay ng mga respondente ng bilang nagpapakita ng antas.

Ang mananaliksik ay layuning suriin at sukatin ang sariling kakayahan sa pananaliksik gamit ang mga indekeytor na batay sap ag-aaral nina Seng, Carlon & Cross (2020). Binubuo ito ng 20 aytem na may apat (4) na indikeytor; kasanayan sa disenyo at pananaliksik, praktikal na kasanayan sa pananaliksik, kasanayan at kwantitatibo at kompyuter, at pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa dyornal. Ito ay ginamit para tukuyin ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsagawa ng isang papel pananaliksik.

Sa kabilang banda, ang ginamit sa pagsukat sa akademikong integridad ay mula kina Cagata et al, (2023) patungkol sa *academic integrity.* Binubuo ito ng 30 aytem na may anim (6) na indikeytor; may katapatan, mapagkakatiwalaan, may pagalang, may pananagutan, makatarungan, at may katapangan. Ito ay ginamit para tukuyin ang akademikong integridad ng mga mag-aaral. Sa pagtukoy ng sariling kakayahan sa pananaliksik ng mag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang eskala sa ibaba.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Agwat ng *Mean*	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
4.30 - 5.00	Pinakamataas	Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay palaging naipamalas.
3.50 - 4.20	Mataas	Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay madalas naipamalas.
2.70 - 3.40	Katamtaman	Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay paminsan-minsang naipamalas
1.90 - 2.60	Mababa	Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay bihirang naipamalas.
1.0 - 1.80	Pinakababa	Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay kailanman naipamalas.

Ang kabilang banda, narito ang eskala na ginamit ng mananaliksik upang matukoy ang akademikong integridad ng mga mag-aaral.

Agwat ng *Mean*	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
4.30 - 5.00	Pinakamataas	Ang akademikong integridad ng mga mag-aaral ay palaging naipamalas.
3.50 - 4.20	Mataas	Ang akademikong integridad ng mga mag-aaral ay madalas naipamalas.
2.70 - 3.40	Katamtaman	Ang akademikong integridad ng mga mag-aaral ay paminsan-minsang naipamalas
1.90 - 2.60	Mababa	Ang akademikong integridad ng mga mag-aaral ay bihirang naipamalas.
1.0 - 1.80	Pinakababa	Ang akademikong integridad ng mga mag-aaral ay kailanman naipamalas.

Pagkolekta ng Datos

Sa pagkolekta ng datos, isasagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:

Pagbuo ng Talatanungan. Hinanap ng mananaliksik ang mga talatanungang pinagbatayan mula sa mga artikulong dyornal at kaugnay na pananaliksik sa internet na tiyaking maiuugnay sa dalawang baryabol.

Rebisyon at Balidasyon ng mga Talatanungan. Matapos nabuo ang mga talatanungang gamitin, isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa tungo sa pag-aaral. Sinunod ng mananaliksik ang payo ng mga eksperto sa pagrerebisa hanggang sa ito ay maaprubahang gamitin.

Paghingi ng Pahintulot na Magsagawa ng Pag-aaral. Humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot sa namumuno ng institusyon at sa bise presidente para sa pang-akademiko sa pamamagitan ng liham na linagdaan ng tagapayo ng pananaliksik at ng director ng research and development.

Distribusyon ng mga Talatanungan. Matapos maibalidipika ang mga talatanungan at maaprubahan ng panel ng mga eksperto, ang instrumento ng pananaliksik ay direktang ibibigay sa mga kalahok sa pamamagitan ng *printed survey questionnaire* na talatanungan na may kasamang permiso, na ang pag-aaral ay isagawa na ng mananaliksik sa mga mag-aaral sa *board* at *non-board programs*.

Istatistikal na Tritment ng Datos

Ang sumusunod na kagamitang estatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may 0.5 na antas ng katiyakan.

Mean. Ginamit ito sa pag-aaral na nagpapakita ng mga pamantayan at kabuoan ng isang hanay ng datos na hinati. Maaari itong iturin na isang epektibong pamamaraan sa paghahambing ng ibang hanay ng datos at pagkuha ng pangkalahatang resulta mula sa instrumentong ginamit sa pagsasaliksik.

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang *mean* o katamtaman ay ginamit ito upang maipakita ang pamantayan ng datos at kung paano ito hinahati o tinutukoy ang kabuoang resulta ng isang instrumento sa pagsasaliksik.

Pearson r. Ginamit ito sa pananaliksik bilang isang sukatan ng pagpapakalat ng isang pamamahagi ng dalas na ang *squareroot of arithmetic mean* ng mga parisukat ng paglihis sa bawat isa ng mga *frequency* na klase mula sa arithmetic mean ng pamamahagi ng data.

Sa konteksto ng pananaliksik, ang Pearson r ay ginamit upang tukuyin ang relasyon o ugnayan ng dalawang baryabol na malayang baryabol at di-malayang baryabol. Ang *Person correlation coefficient (r)* ay nagpapahiwatig tungkol sa lakas at direksyon ng *linear* na relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 2

Antas ng Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik Batay sa Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik

Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik	Mean	Description
1. naglalaan ako ng oras para sa aking pananaliksik.	4.49	Pinakamataas
2. nauunawaan ko kung paano hihingi ng tulong hinggil sa pananaliksik.	4.39	Pinakamataas
3. nagtatala ako ng impormasyon habang isinasagawa ang isang proyektong pananaliksik.	4.36	Pinakamataas
4. nangangalap ako ng sapat na bilang ng mga kalahok para sa isang pag-aaral na pananaliksik.	4.29	Pinakamataas
5. maipangtatangol ko ang aking isinagawang pananaliksik.	4.22	Mataas
KABUOAN	**4.35**	**Pinakamataas**

Talahanayan 3

Antas ng Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik Batay sa Pagsulat ng Papel para sa Publikasyon sa isang Dyornal

Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa isang Dyornal	*Mean*	Deskripsyon
1. nagsusulat ako ng mga bahagi ng introduksyon at diskusyon para sa isang papel na pananaliksik na gagamiting isang publikasyon.	4.48	Pinakamataas
2. nagsusulat ako ng seksyon ng diskusyon para sa isang tesis o disertasyon.	4.16	Mataas
3. nagsusulat ako ng mga seksyon ng paraan at resulta ng isang disertasyon o tesis.	4.23	Mataas
4. nagsusulat ako ng mga seksyon ng paraan at resulta para sa isang papel na pananaliksik na gagamiting publikasyon.	4.23	Mataas
5. sinusuri ko ang mga literatura sa isang larangan ng interes sa pagsasaliksik.	4.21	Mataas
KABUOAN	**4.26**	**Pinakamataas**

Talahanayan 4

Antas o Lebel Ng Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik Batay Sa Kwantitatibo at Kasanayang Pangkompyuter

Kwantitatibo at Kasanayang Pagkompyuter	*Mean*	Deskripsyon
1. gumagamit ako ng mga iba't ibang *software packages* (*word, excel, atbp)* para sa pananaliksik.	4.59	Pinakamataas
2. inuunawa ko ang mga nakalimbag na dokumento para sa pananaliksik.	4.36	Pinakamataas
3. iniiwasan ko ang paglabag ng pang-akala para sa pananaliksik.	4.44	Pinakamataas
4. alam ko kung aling tool ang gagamitin para sa pagsusuri.	4.45	Pinakamataas
5. sumusulat ako ng mga programang pagsusuri sa kompyuter.	4.37	Pinakamataas
KABUOAN	**4.44**	**Pinakamataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 5
Antas o Lebel Ng Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik Batay Sa Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik

Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik	Mean	Description
1. sinusuri ko ang mga siyentipikong haypotesis.	4.32	Pinakamataas
2. pagkontrol sa mga baryabols na nakaka-apekto sa kahusayan ng mga resulta ng pananaliksik.	4.28	Pinakamataas
3. pagpili ng matibay at may kahusayang mga instrumento.	4.28	Pinakamataas
4. pinipili ko ang angkop na paksa para sa pagsusuri.	4.46	Pinakamataas
5. binubuo ko ang mga agham na hipotesis.	4.31	Pinakamataas
KABUOAN	**4.33**	**Pinakamataas**

Kabuohang Antas ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik

Talahanayan 6
Buod sa Antas ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik

Indekeytors	*Mean*	Deskripsyon
Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik;	4.35	Pinakamataas
Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa isang Dyornal;	4.26	Pinakamataas
Kwantitatibo at Kasanayang Pangkompyuter; at	4.44	Pinakamataas
Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik.	4.33	Pinakamataas
KABUOAN	**4.35**	**Pinakamataas**

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang kabuoang antas ng sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa *board* at *non-board programs* ng KCAST. Nakasaad sa datos na ang antas ng sariling kakayahan sa pananaliksik ay may kabuoang mean na 4.35 na may deskriptibong katumbas na mataas. Inilalahad nitong ang antas ng sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay madalas nakikita. Nangangahulugan itong ang mga mag-aaral ay may sariling kakayahan sa paggawa ng pananaliksik. Kaugnay nito, naipapakita rin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang pagsulat at pagkalap ng mga impormasyon at mga datos na kailangan sa pananaliksik.

Mahahalintulad ito sa pananaliksik na ginawa nina Lacson et al., (2018), ayon dito ang pagsasama ng pananaliksik bilang isang paksa at paraan ng pag-aaral, ay isang paraan upang mapahusay ang kanilang mga kritikal na kakayahan sa pag-iisip, mga kasanayan sa pagsusuri ng problema, at kasanayan sa komunikasyon. Bukod pa rito, ang pagsasama ng pananaliksik sa kurikulum ay naglalayong bigyan ng kapangyarihan ang mga mag-aaral na makabuo at maglahad ng kaalaman sa iba't ibang larangan ng kanilang interes, na sa huli ay sinasangkapan sila upang maging praktikal na mga mananaliksik at epektibong mga tagaresulba ng problema sa loob ng kanilang komunidad. Dagdag pa, sa pamamagitan ng kaalamang ito ay nakalilikha ng mas maayos na daloy sa pagsasagawa ng isang pananaliksik.

Talahanayan 7
Antas ng Akademikong Integridad Batay sa Katapatan

Katapatan	*Mean*	Deskripsyon
1. kinikilala ko ang pinagkukunan ng mga impormasyon na ginamit.	4.68	Pinakamataas
2. ipinapasa ko ang orihinal na gawa at natatapos ang indibidwal na pagtataya nang hindi umaasa sa iba.	4.49	Pinakamataas
3. sinasagutan ko ang mga eksaminasyon at pagsusulit nang may katapatan batay sa ibinigay na panuto.	4.63	Pinakamataas
4. hindi ako gumagamit nang anumang hindi awtorisadong elektronikong kagamitan bilang pantulong sa oras ng eksaminasyon.	4.60	Pinakamataas
5. hindi ko hinahayaan ang ibang mag-aaral na kopyahin at gayahin ang aking mga sagot sa oras ng eksaminasyon.	4.48	Pinakamataas
KABUOAN	**4.58**	**Pinakamataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 8
Antas ng Akademikong Integridad Batay sa Mapagkakatiwalaan

Mapagkakatiwalaan	*Mean*	Deskripsyon
1. ginagawa ko ang aking mga gawain ng mag-isa nang my paniniwala sa aking sariling kakayahan.	4.29	Pinakamataas
2. pinapanatili ko ang aking sarili bilang isang maaasahang mag-aaral sa labas man o loob ng klase.	4.35	Pinakamataas
3. tinitiyak ko ang pagiging karapat-dapat sa tiwala ng iba at hinahayaan ko ang aking sarili na magtiwala rin sa iba.	4.28	Pinakamataas
4. sumasali ako sa lahat ng mga aktibidad at proyekto kahit na wala masyadong gabay ng isang instruktor.	4.30	Pinakamataas
5. palagi kong ipinapahayag ang parehong mensahe o impormasyon sa aking mga kaklase at instruktor nang hindi binabago ang aming napagkasunduan.	4.31	Pinakamataas
KABUOAN	**4.31**	**Pinakamataas**

Talahanayan 9
Antas ng Akademikong Integridad Batay sa Paggalang

May Paggalang	Mean	Deskripsyon
1. iniingatan ko ang pribadong intelektwal na pag-aari(gaya ng class slides, takdang-aralin, pagsusulit, atbp) ng instruktor at ito ay hindi ko ibinabahagi nang walang pahintulot ng guro.	4.38	Pinakamataas
2. sinusunod ko ang mga alituntunin at inaasahan ng aming instruktor habang tinutupad ang mga takdang-aralin at pagsusulit ng klase.	4.38	Pinakamataas
3. sinusunod ko ang mga tagubilin ng mga instruktor at ang mga itinakdang deadline.	4.39	Pinakamataas
4. pumapasok ako sa klase nang handa at may kumpiyansa sa sarili.	4.36	Pinakamataas
5. nirerespeto ko ang lahat sa kabila ng pagkakaiba sa paniniwala at kultura.	4.36	Pinakamataas
KABUOAN	**4.37**	**Pinakamataas**

Talahanayan 10
Antas ng Akademikong Integridad Batay sa May Pananagutan

May Pananagutan	Mean	Deskripsyon
1. pinagsisikapan kong mapabuti ang aking sarili pagkatapos kong makatanggap ng mga puna galing sa aking mga instruktor at kaklase.	4.43	Pinakamataas
2. aktibo akong lumalahok sa mga gawain sa klase.	4.51	Pinakamataas
3. aktibo akong nakikipag-usap sa aking mga instruktor at kaklase.	4.42	Pinakamataas
4. tinatapos ko ang mga naitalagang indibidwal at pangkatang gawain sa abot ng aking makakaya.	4.56	Pinakamataas
5. sumusunod at dumadalo sa mga kinakailangan sa klase ng aktibo at agaran.	4.49	Pinakamataas
KABUOAN	**4.48**	**Pinakamataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 11
Antas ng Akademikong Integridad Batay sa Makatarungan

Makatarungan	Mean	Deskripsyon
1. nag-aambag ako ng mga ideya at kasanayan sa mga pangkatang gawain nang patas.	4.46	Pinakamataas
2. nagbibigay ako ng patas na pagtrato sa bawat indibiwal sa panahon ng klase.	4.50	Pinakamataas
3. tinutulungan at ginagabayan ko ang aking mga kaklase nang kusang loob kung sila ay nahihirapan sa abot ng aking makakaya.	4.40	Pinakamataas
4. nagpapakita ako ng kabutihang loob sa pagtupad ng mga gawain sa mga kamag-aral at instruktor.	4.37	Pinakamataas
5. naglilingkod ako sa bawat nakatalagang gawain nang kusang loob para sa kabutihan ng lahat at hindi para sa iilan lamang.	4.48	Pinakamataas
KABUOAN	**4.44**	**Pinakamataas**

Talahanayan 12
Antas ng Akademikong Integridad Batay sa Katapangan

May Katapangan	Mean	Deskripsyon
1. tinatanggap ko ang mga puna ng buong loob nang hindi nagkakaroon ng negatibong emosyon sa aking sarili at sa iba.	4.49	Pinakamataas
2. maagap kong ipinapaalam sa mga instruktor, dean, o mga kawani sa institusyon sa tuwing mayroon akong nakikitang gumagawa ng akademikong pagkasala at lumalabag sa mga alintuntunin ng intitusyon.	4.46	Pinakamataas
3. naninindigan ako sa katotohanan anuman ang mga pamumunang matatanggap galing sa aking mga kaklase, instruktor, at iba pa.	4.53	Pinakamataas
4. itinuturing ko ang aking mga kamalian bilang oportunidad sa pagpapabuti sa aking sarili at kahusayan.	4.52	Pinakamataas
5. inaako ko ang responsibilidad hindi lamang sa isip ngunit pati na rin sa gawa.	4.51	Pinakamataas
KABUOAN	**4.50**	**Pinakamataas**

Kabuoang Antas ng Akademikong Integridad

Talahanayan 12
Buod sa Antas ng Akademikong Integridad

Indikeytors	Mean	Deskripsyon
Katapatan	4.58	Pinakamataas
Mapagkakatiwalaan	4.31	Pinakamataas
Paggalang	4.37	Pinakamataas
May Pananagutan	4.48	Pinakamataas
Makatarungan	4.44	Pinakamataas
Katapangan	4.50	Pinakamataas
KABUOAN	**4.45**	**Pinakamataas**

Ipinapakita sa talahanayan 12 ang buod ng antas ng akademikong integridad batay sa katapatan, mapagkakatiwalaan, paggalang, may pananagutan, makatarungan, at katapangan. Ang pagkalkula ay nagbigay ng kabuoang *mean value* na 4.45 o pinakamataas na nagpapakita na ang pagsusuri sa akademikong integridad ng mga mag-aaral sa *board* at *non-board programs* ay laging naipakita. Ang *mean* ng bawat palatandaan at katumbas na deskripsyon ay kabilang sa mga datos na inilahad. Ibig sabihin nito, ang iba't ibang indikeytor ng akademikong integridad batay sa katapatan, mapagkakatiwalaan, paggalang, may pananagutan, makatarungan, at katapangan ay laging naipakita.

Batay sa naging resulta, ito ay sinusuportahan ng paglalarawan ng International Center for Academic Integrity (2021) na ang akademikong integridad ay napakahalaga na maipakita nang mapagtagumpayan ang mga layunin ng mga guro kung saan ito ang magiging pundasyon ng mga mag-aaral upang maging responsable sa hinaharap. Ayon pa rito, ang akademikong integridad ay higit pa sa simpleng pagsunod sa mga patakaran;

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ito ay isa ring pangako sa mga mahahalagang prinsipyo na bumubuo sa isang malusog at epektibong komunidad ng pag-aaral.

Talahanayan 13
Makabuluhang Ugnayan ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik at Akademikong Integridad

Variable	*Mean*	*R-Value*	*P-Value*	*Decision* α=0.05
Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik	4.35			
Akademikong Integridad	4.45	.512	**<.001**	**H_o** ***Rejected***

Bilang resulta ng malalim na pag-aanalisa sa talahanayan, ang kabuoang *mean* ng sariling kakayahan sa pananaliksik na 4.35 at 4.45 ng akademikong integridad ay nagpapakita ng katamtaman at posotibong korelasyon sa pagitan ng dalawang baryabol na *r-value* na .512 at p-value na hindi hihigit sa .001. Indikasyon ito na ang *null* haypotesis na sinukat sa .05 na antas ng katiyakan ay hindi tinanggap. Nngangahulugang ang pahayag na nagsasaad ng walang tiyak na ugnayan sa pagitan ng sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ng mga mag-aaral sa *board* at *non-board programs* ng KCAST ay pinabulaanan.

Ito ay nakabatay sa resulta na nagpapakitang ang antas ng probalidad na .001 ay mas mababa sa antas ng katiyakan na 0.5. Kung kaya, masasabing may tiyak na pagkakaugnay ang dalawang baryabol – sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad.

Ang natuklasan na resulta ay may malaking impluwensya ang sariling kakayahan sa pananaliksikt sa pagitan ng akademikong integridad na nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol sa pagkatuto at pagganap na makamtan ng mga mag-aaral bilang respondente na matugunan ang pangangailangang personal para sa kanilang pananaliksik. Bilang paglalawig, iminungkahi ng mananaliksik na bigyang-pansin ang pag-aaral na may kaugnayan sa kakayahang mayroon ang mga mag-aaral, gayong nagpapakita ito ng kamalayan sa bawat mag-aaral na manatiling may tiwala sa sarili. Iminumungkahi rin ng mananaliksik na magsagawa pa ng parehong pag-aaral at maging respondente ang mga mag-aaral na kasalukuyang nasa Senior High School dahil sila ay may karanasan na sa pananaliksik, kung kaya naman, ang kanilang tugon ay magiging epektibo rin sa mga susunod na mananaliksik.

Konklusyon

Batay sa nakalap na impormasyon mula sa tugon ng mga mag-aaral sa KCAST, sariling kakayahan sa pananaliksik ay kanilang sinang-ayunan ayon sa kanilang kasanayan sa disenyo at pananaliksik, praktikal na kasanayan sa pananaliksik, kasanayan sa kwantitatibo at kompyuter, at pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa dyornal sa kanilang kabuoang pagganap bilang mga modernong mananaliksik. Ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na kumpiyansa sa pananaliksik

Sa kabilang dako, ang akademikong integridad ng mga respondente na tumugon sa kanilang pagpapakita ng katapatan, mapagkakatiwalaan, paggalang, may pananagutan, makatarungan at katapatan ay kanilang sinang-ayunan. Ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na kumpiyansa sa pananaliksik.

Sa pagpapakahulugan, ang sariling kakayahan sa pananaliksik at akademikong integridad ay nagpapakita na may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol sa pagnanais na matamo ang kahusayan at pagganap ng mga mag-aaral sa pananaliksik at integridad. Ito rin ay naglalantad ng sapat na impormasyong naisiwalat na ang malayang baryabol na sariling kakayahan sa pananaliksik ay may malaking impluwensya sa di-malayang baryabol na akademikong integridad. Samakatuwid, ito ay nagpapakita na ang pag-aaral ay may kaugnayan at positibong resulta na nabibigyang-patunay sa mga naunang pananaliksik at teoryang inilahad ng mananaliksik.

REKOMENDASYON

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay may malaking epekto sa akademikong integridad, na nagpapahiwatig ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na ito. Mahalaga ang koneksyon na ito sa kung paano natututo at nagpe-perform ang mga mag-aaral, lalo na sa pagtugon sa kanilang personal na pangangailangan sa pananaliksik.Iminumungkahi ng mananaliksik na na bigyang-pansin ang mga pag-aaral na tumatalakay sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ito ay dahil ang pagtukoy at pagpapalakas sa kanilang kakayahan ay nagpapataas ng kanilang kamalayan at tiwala sa sarili. Para naman sa mga susunod na pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik na isama ang mga mag-aaral sa Senior High School bilang mga respondente sapagkat mayroon na silang mga karanasan sa pananaliksik, ang kanilang mga tugon ay makakatulong nang malaki at magiging epektibo para sa mga mananaliksik sa hinaharap.

Ang pag-aaral ay nagpakita rin na ang mga mag-aaral ng KCAST ay may lubhang mataas na antas ng kumpiyansa sa kanilang sariling kakayahan sa pananaliksik. Iminumunghahi rin ng mananaliksik ang pagsasagawa ng mga aktibidad tulad ng seminar-workshop upang mas palakasin ang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang sarili sa pagsusulat ng mga papel para sa publikasyon sa mga journal. Inaasahan itong makakapagpataas pa ng kanilang paniniwala sa kanilang kakayahan sa pananaliksik. Nararapat lamang na ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral upang mapanatili ang kanilang tiwala sa sarili. Malaki ang papel ng kumpiyansa sa sarili sa paghihikayat sa kanila na pagtagumpayan ang anumang gawaing pananaliksik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

TALASANGGUNIAN

1. *Adekunle, A. P., & Ezinwanyi Madukoma. (2022). Research Self-Efficacy and Research Productivity of Doctoral Students in Universities in Ogun State. DigitalCommons@University of Nebraska - Lincoln. https://digitalcommons.unl.edu/libphilprac/7097/*
2. *Akujieze M.O. (2023, July 15). Researchers' Self-Efficacy as a Determinant of Their Commitment to Duties in Universities inAnambra... ResearchGate; Budapest International Research and Critics Institute. https://www.researchgate.net/publication/372464079_Researchers*
3. *Apuke, O. D. (2017). Quantitative research methods: A synopsis approach. Kuwait Chapter of Arabian Journal of Business and Management Review, 6(11), 40–47. https://doi.org/10.12816/0040336*
4. *Cagata, C. L., Joy, K., Ederio, N. T., Rosanne, M., & Calaca, N. I. (2023). ACADEMIC INTEGRITY IN THE NEW NORMAL VIS-À-VIS THE REMOTE FLEXIBLE LEARNING MODALITY AT ST. PAUL UNIVERSITY SURIGAO. Cognizance Journal, 3(6), 304–329. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i06.019*
5. *Cook, B. G., & Cook, L. (2008). Nonexperimental Quantitative Research and Its Role in Guiding Instruction. Intervention in School and Clinic, 44(2), 98–104. https://doi.org/10.1177/1053451208321565*
6. *Creswell, J., & Poth, C. (2018). Qualitative Inquiry and Research Design. SAGE Publications Ltd. https://uk.sagepub.com/en-gb/eur/qualitative-inquiry-and-research-design/book266033*
7. *Hitches, E., Woodcock, S., & Ehrich, J. (2022). Building self-efficacy without letting stress knock it down: Stress and academic self-efficacy of university students. International Journal of Educational Research Open, 3, 100124. https://doi.org/10.1016/j.ijedro.2022.100124*
8. *Kendra Cherry. (2020). Why Researchers Use Random Samples to Study Groups. Verywell Mind. https://www.verywellmind.com/what-is-a-random-sample-2795803*
9. *Mae, M., Jimenez, D., Lea, J., Comison, Dionio, B., Clarin, A., & Vallejo, J. (n.d.). Challenges Encountered by College Students in Academic Writing. https://rsisinternational.org/journals/ijriss/Digital-Library/volume-8-issue-3/1440-1451.pdf*
10. *Seng, C., Carlon, M. K. J., & Cross, J. S. (2020). Research Self-Efficacy of Cambodian Undergraduate Students at Province-Based Universities. International Journal of Sociology of Education, 9(2), 155–190. https://doi.org/10.17583/rise.2020.4267*